Republic of the Philippines

# Department of Education

**Schools Division of Palawan**

**Coron Inland District**

*GUADALUPE ELEMENTARY SCHOOL*





| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | | Learning Area | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates | Week 8 | Quarter | 3rd |

| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mag-aaral ay naipapamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon | | | Holiday | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Ang mag-aaral ay nakapagpapahayag ng may pagmamalaki at pagkilala sa nabubuong kultura ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | 1. Nakapag-iisa-isa ng ilang sining mula sa iba't ibang lalawigan tulad ng awit at sayaw.<br>2. Nakapaglalahad ng mga paraan upang mapahalagahan ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga sining na ito upang mas lalo pang mapaunlad. | | | | |
| **II. Nilalaman** | Pagpapamalas at Pagpapahalaga sa Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Kultura Gamit ang Sining na Nagpapakilala sa Lalawigan at Rehiyon | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | Modyul 8 | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Tsart, Worksheets, Graphic Organizer | Worksheets, Graphic Organizer | Worksheets | Worksheets | Answer sheets |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Panuto: Basahin ang mga sumusunod na tanong.<br>1. Ang Tamaraw ay isang uri ng hayop na nakikita lamang sa isang lalawigan sa MIMAROPA. Aling lalawigan ang sinisimbolo nito?<br>A. Marinduque C. Palawan<br>B. Mindoro D. Romblon<br>2. Bakit mayroong korona ang opisyal na sagisag ng Marinduque?<br>A. Ang Marinduque ay tinaguriang puso ng Pilipinas.<br>B. Kilala ang Marinduque sa "Putong" na sinisimbolo ng isang korona.<br>C. Ang pagkakaroon ng Santa Cruzan sa lalawigan taon-taon ay kinikilala sa buong bansa.<br>D. Ang korona ay sumisimbolo sa korona ng Mahal na Birhen na makikita sa Balanacan Port. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. Ang sinag ng araw sa opisyal na sagisag ng Romblon ay nagpapakilala ng__________.<br>A. Masaganang ani sa loob ng buong taon<br>B. Masaganang mineral na makikita sa lalawigan<br>C.Wagas na biyaya at kadakilaan ng Maylikha<br>D.Pagkakaisa at pagkakabuklod ng mga mamamayan nito<br>4. Ang Pilandok at Tandikan ay mga hayop na sumisimbolo sa tanging lalawigan na pinaninirahan ng mga ito. Anong lalawigan ito?<br>A.Marinduque C. Palawan<br>B. Mindoro D. Romblon<br>5. Bakit may uhay ng palay sa opisyal na sagisag ng Occidental Mindoro?<br>A. Dahil ito ang pangunahing produkto ng lalawigan.<br>B. Dahil sa naiibang uri ng palay na tumutubo sa lalawigan<br>C. Dahil nananalangin ang mga mamamayan nito para sa masaganang ani ng pala.<br>D.Dahil ang lalawigan lamang ang katangi-tanging hindi umaangkat ng bigas mula sa ibang bayan. | | | | |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Ano kaya ang pagkakapareho ng mga sayaw, awit at tula ng mga mamamayan sa Rehiyong MIMAROPA?<br>Ano kaya ang mga pagkakaiba ng mga sayaw, awit at tula? | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Paano napapahahalagahan ng mga lokal na mamamayan ang pagkakaiba at pagkakapareho ng mga likhang sining?<br>Ano-ano ang mga paraan upang mapanatili ang iba't ibang sining sa ating kultura? | | | | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Ang rehiyong MIMAROPA ay binubuo ng mga isla na may limang lalawigan. Ang bawat isa ay may kani-kaniyang mga kaugalian at tradisyong pagkakakilanlan. May sarili ring mga awitin, tula, at sayaw ang bawat isa. Narito ang ilan sa mga kilalang sining na nagpapakilala sa ating rehiyon. Tunghayan ang kuwentong "ANG PAGTITIPON" upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa pagkakaiba at pagkakapareho ng mga tula, awit, at sayaw sa Rehiyong MIMAROPA. | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Punan ang mga kahon ng mga nawawalang titik upang mabuo ang pangalan ng lalawigan na pinagmulan ng awit o sayaw sa ibaba. | | | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>1. Alamat ng Dalawang Puting Gansa<br><br>2. Agogocoy<br><br>3. Pandang-Gitab<br><br>4. Sayaw ng Bila-Bila<br><br>5. Baragatan<br></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)</td>
<td>Ilarawan ang pagkakapareho ng mga sining (sayaw) ayon sa hinihingi sa bawat kolum.<br>A. Pagkakapareho
<table>
<tr><th>SINING</th><th>PANANAMIT</th><th>MUSIKA</th></tr>
<tr><td>SAYAW NG BILA-BILA</td><td>Makulay</td><td>Masaya at mabilis</td></tr>
<tr><td>PANDANG-GITAB</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>BARAGATAN</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>AGOGOCOY</td><td></td><td></td></tr>
</table>
B. PAGKAKAIBA
<table>
<tr><th>SINING</th><th>TEMA</th></tr>
<tr><td>SAYAW NG BILA-BILA</td><td>Nagpapakita ng buhay ng mga paru-paro</td></tr>
<tr><td>PANDANG-GITAB</td><td></td></tr>
<tr><td>BARAGATAN</td><td></td></tr>
<tr><td>AGOGOCOY</td><td></td></tr>
</table></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay</td>
<td></td>
<td>Basahin ang mga sining na nakatala sa unang kolum. Lagyan ng tsek ang kolum na pamilyar kung may sapat na kaalaman sa sining at ang kolum ng Di- Masyadong pamilyar kung nangangailangan pa ng pag-aaral ukol dito. Isulat sa huling kolum ang mga bagay na maaaring gawin upang maipakita ang pagpapahalaga sa sining.
<table>
<tr><th>Pangalan ng sining</th><th>Pamilyar</th><th>Di –Masyadong Pamilyar at nangangailangan pa ng pag-aaral sa sining</th><th>Hakbang na isasagawa upang maipakita ang pagpapahalaga sa sining</th></tr>
<tr><td>Agogocoy</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Alamat ng dalawang puting gansa</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Baragatan</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pandang-Gitab</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Sayaw ng Bila-Bila</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
<td></td>
<td rowspan="2"></td>
</tr>
<tr>
<td>H. Paglalahat ng Aralin<br>Generalization</td>
<td></td>
<td></td>
<td>1. Paano ipinakita ng mga taga-Marinduque ang kanilang sining?<br>2. Paano naman ipinakita ng Oriental Mindoro, Romblon at Palawan ang kanilang kultura? Anong sining ang kanilang ginamit upang maipakilala ang kanilang lalawigan?<br>3. Ano ang pagkakaiba ng mga sining sa bawat lalawigan?<br>4. Paano mo naipapakita ang paggalang sa pagkakaibang ito?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 5. Paano naman nagkakatulad ang mga sining ng bawat lalawigan?<br>6. Paano mo naipapakita ang pagpapahalaga sa mga sining na ito? | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | | | Basahin ang mga pahayag sa ibaba. Piliin ang titik ng wastong sagot.<br>1. Inawit ni Gerry ang Alamat ng Dalawang Puting Gansa. Aling lalawigan ang ipinapakilala ng awitin?<br>A. Marinduque<br>B. Palawan<br>C. Mindoro<br>D. Romblon<br>2. Hiniling ng guro ni Gina na kumuha siya ng gasera para sa ituturo niyang sayaw mula sa Mindoro. Aling sayaw kaya ang kanilang pag-aaralan?<br>A. Agogocoy<br>B. Sayaw ng Bila-Bila<br>C. Pandang-Gitab<br>D. Virginia<br>3. Dumalo ka sa isang pagtitipon sa isang lalawigan, ano ang pipiliin mong itanghal? Bakit?<br>A.Isang modernong sayaw upang maipakita ang galing.<br>B. Isang katutubong sayaw o awit upang palakpakan ng mga manonood. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | C. Isang katutubong sayaw o awit na magpapakilala sa lalawigang pinagmulan. D.Isang modernong sayaw sapagkat nakakahiyang itanghal ang isang katutubong sayaw.<br>4. Nanood ka ng isang katutubong pagtatanghal. Nakita mong magkakaiba ang mga ipinakita ng mga kinatawan ng bawat lalawigan. Ano ang gagawin mo?<br>A.Uuwi na at manood na lamang ng mas nakatutuwang palabas.<br>B. Sabihin sa katabi na mas kahanga-hanga ang naging pagtatanghal ng sariling lalawigan<br>C.Higit na palakpakan ang pagtatanghal ng sariling lalawigan upang maipakita ang suporta.<br>D.Pare-parehong bigyan ng papuri ang mga nagtanghal sapagkat naipakilala nila nang maayos ang sari-sariling lalawigan.<br>5. Paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa sariling sining?<br>A. Ipakilala sa ibang lalawigan sa pamamagitan ng pagtatanghal nito kung may pagkakataon. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | B. Pagtuturo ng mga sining sa iba pang bata upang manatili sa kultura.<br>C.Pagsasalin ng mga ito sa aklat upang mapag-aralan ng iba. D.Lahat ng nabanggit. | | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | | | Magsaliksik ng isang sining mula sa sariling lugar. Ilarawan ito gamit ang mga gabay na tanong sa ibaba. Paano ito naiiba sa napag-aralang mga sining? Paano mo ito pahahalagahan? Gumawa ng talata | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | Inquiry Based instruction, thought provoking questions inspire the learners to thinks for themselves and become more independent.<br>Use of Graphic organizer, it serves as the visual representation of abstract concepts for the better understanding of pupils | Formative Assessment, to accommodate the needs of the learners. |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | Wala | Wala |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | Wala | Wala |

Prepared by:
*Grade 3 Adviser*

Checked by:
*Master Teacher I*

Noted:
*School Head/Head Teacher III*